4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 4**
**Kuwarter 4: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Jayson P. Sollorano, Ed.D. (Don Manuel Rivera Memorial Integrated NHS- Pila)

**Tagasuri:**

- Marivic M. Pimentel, Ph.D. (Philippine Normal University –Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN /KUWARTER 4 /BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga sagisag ng pagka-Pilipino, karapatan, at tungkulin tungo sa pagbuo ng pagkakakilanlan at kagalingang pansibiko |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapaglulunsad ng mga gawaing kumikilala at nagsusulong sa karapatan, tungkulin, at pagkakakilanlang Pilipino |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Mga Kasanayan<br>1. Natatalakay ang konsepto ng kagalingang pansibiko.<br>2. Nabibigyan ng sariling pakahulugan ang kagalingang pansibiko.<br>3. Nakapagtatala ng mga halimbawa ng kagalingang pansibiko.<br>4. Natutukoy ang mabilisang epekto at matagalang epekto ng kagalingang pansibiko.<br>5. Napahahalagahan ang kagalingang pansibiko na ipinamamalas sa loob ng paaralan at sa komunidad na iyong kinabibilangan.<br>6. Nakagagawa ng mga basurahan sa tahanan upang mahimok ang mga kasapi ng pamilya na mag hiwa-hiwalay ng basura (segregation of waste).<br>7. Nakabubuo ng isang talaan ng mga tungkulin sa pamilya, paaralan, at komunidad na kinakikitaan ng kagalingang pansibiko. |
| **D. Nilalaman** | Kagalingang Pansibiko |
| **E. Integrasyon** | Peace Education<br>Waste Management<br>Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Adriano et al. (2015). *Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral, Pilipinas*. Vibal Group, Inc.<br>Agno, L. N., Tadena, R.D., Balonso, C. E., & Dela Cruz, M. M. (2016). *Kultura, Kasaysaya at Kabuhayan*. Vibal Group, Inc. |

Almario V. (2015). Sagisag Kultura (Vol 1). Manila: National Commission for Culture and the Arts. Retrieved from https://philippineculturaleducation.com.ph/nasyonalismo/

Batac, L. B., Castillo, F. N., Ricamata-Dino, MG., & Garchitorena, AJ. L. (2014*). Isang Bansa, Isang Lahi*. Vibal Group, Inc.

Belarde, R. R. et al. (2023). *Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo*. Rex Education.

Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan.(2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig CityAdriano, Ma.

Garcia, P. R., Concha, J. D., Daroni, C. E., Barcelon, V. C., Belarde, R. R., Fajardo, J. U., Balaoing, J. G., Santos, E. M., Dela Cruz, E. L. & Villegas, J B. (2023). *Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo*. Rex Book Store.

III, B. A. (2014, January 19). *Diwang Nasyonalismo! Bayan Ipagbunyi!* Flickr. https://www.flickr.com/photos/berniemack/12245010164

DepEd Central Office. Alternative Delivery Mode. Quarter 4. Araling Panlipunan 4. Module. https://www.slideshare.net/aybipolidario/karapatang-pantao-87704555

Ang mga larawan ay mula sa:

Earth day children cleaning the trash [Online image]. (n.d). https://www.vecteezy.com/vector-art/15694384-earth-day-children-cleaning-the-trash-colored

Family with child pray in church together [Online image]. (n.d). https://www.freepik.com/premium-vector/family-with-child-pray-church-together_21173538.htm

Press, T. A. (2022, November 30). *Today in History: November 30, birth of Andres Bonifacio | The Associated Press*. BusinessMirror. https://businessmirror.com.ph/2022/11/30/today-in-history-november-30-birth-of-andres-bonifacio/

Ustyuzhantseva, N. (2022). [Online Image]. Study Hard. Illustration of a cartoon little boy doing hard homework on the table. https://www.istockphoto.com/vector/illustration-of-a-cartoon-little-boy-doing-hard-homework-on-the-table-gm1406921267-458303332?phrase=study+hard


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral.**<br>**Gawain 1. KP or KB (#Piliin mo ng tama)**<br>Tutukuyin ng mga mag-aaral kung ang isinasaad sa pangungusap ay nagpapahiwatig ng karapatang panlipunan o karapatang pangkabuhayan. Isulat ang letrang **KP,** kung ito ay tumutukoy sa Karapatang Panlipunan, isulat naman ang letrang **KB** Karapatang Pangkabuhayan.<br>_______ 1. Karapatang pumili ng relihiyon. | Sa bahaging ito ng gawain, maaari pang magbigay ng iba pang gawain upang mas madaling maproseso ng mga mag-aaral ang mga konsepto ng aralin.<br>Susi sa pagwawasto:<br>1. KP |

| | | |
|---|---|---|
| | _______ 2. Karapatang maglakbay<br>_______ 3. Karapatan sa edukasyon<br>_______ 4. Karapatan sa pagmamay-ari<br>_______ 5. Karapatang makinabang sa mga likas na yaman ng bansa.<br><br>**Gawain 2. SURI-LARAWAN (#Suriin ang Larawan)**<br>Pipiliin ng mga mag-aaral sa loob ng kahon ang tinutukoy na tungkulin ng bawat larangan. Isusulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.<br><br>Pagpapaunlad ng sarili.<br>Pagpapakita ng paggalang sa kapwa gaya ng pagpila kapag bumibili sa botika.<br>Pakikilahok sa *clean and green program* ng pamahalaan.<br>Pakikipaglaban para sa kalayaan<br>Pagpapakita ng pananampalataya sa Diyos.<br><br>_____1. <br>_____2.  <br>_____3. <br>______ 4. <br>______ 5.  | 2. KP<br>3.KB<br>4. KB<br>5. KB<br><br>Ang gawaing ito ay inaasahang magagawa sa loob ng dalawang linggo.<br><br>Ang pagsagot sa maikling balik-aral ay inaasahang gagawin sa pag-uumpisa ng araw na pagtalakay ng aralin.<br><br>Sa bahagi ring ito, ang guro ay may kalayaan ibahin o baguhin ang mga katanungang sa tingin niya ay mas magiging maunawaan para sa mga mag-aaral (kontekstuwalisasyon).<br>Susi sa Pagwawasto:<br>1. E<br>2. A<br>3. B<br>4. C<br>5. D |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pidbak (Opsiyonal).** | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>1. Ano-ano ang mga konseptong may kaugnayan sa kagalingang pansibiko?<br>2. Ano ang iyong sariling pakahulugan sa kagalingang pansibiko?<br>3. Ibigay ang mga halimbawa ng mga kagalingang pansibiko.<br>4. Ibigay ang pagkakaiba ng mabilisan at matagalang epekto ng kagalingang pansibiko.<br>5. Paano mo napahahalagahan ang kagalingang pansibiko na ipinamamalas sa loob ng tahanan, paaralan, at komunidad?<br>6. Paano mo mapapanatili ang kalusugan at kalinisan sa iyong kapaligiran?<br>7. Ibigay ang mga tungkulin mo sa pamilya, paaalan, at sa komunidad na kinabibilangan<br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**Gawain 3. PUNAN MO AKO! (Susing Salita ng Aralin)**<br>Bubuoin ng mga mag-aaral ang mga salita ayon sa paglalarawan ng pangungusap. Isulat sa sagutang papel.<br><br>1. AKLPINUNA **-** isang komunidad kung saan kabilang ang isang tao.<br>2. SBIIOK **-** ginagamit ang salitang ito upang tukuyin ang mga mamamayang bumubuo sa lipunan.<br>3. AKGLAINGAGN PANSIBIOK - tumutukoy sa isang sitwasyon kung saan taglay ng mga mamamayan ang kamalayang may pananagutan sila sa kanilang kapuwa. | Sa bahaging ito ay may kalayaan ang guro na gumamit ng iba pang pamamaraan, estratehiya at teknik para sa pagsasagawa nito.<br><br>Maaari rin ito isagawa sa pamamagitan ng word cloud, guess the gibberish word at iba pa.<br><br>Susi sa Pagwawasto<br>1. KALIPUNAN<br>2. SIBIKO<br>3. KAGALINGANG PANSIBIKO |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **KONSEPTO: Ang Konsepto ng Kagalingang Pansibiko**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Ang kagalingang pansibiko ay mga pagkakataong ginagamit ang sariling kakayahan para kabutihan ng nakararami. | Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral.<br><br>Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niya ay angkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at |

**KAGALINGANG PANSIBIKO**

- Ang kagalingang pansibiko ay isang sitwasyon kung saan taglay ng mga mamamayan ang kamalayang may pananagutan sila sa kanilang kapuwa.
- Ito ang pinakamataas na kabutihang makakamit at mararanasan ng mga mamamayan.
- Ang kabutihang ito ay natatamasa sapagkat nanggagaling sa kagyat na pagtugon at pagmamalasakit ng kapuwa mamamayan na kusang inihahandog ng indibidwal na may pagkukusa at walang hinihinging kapalit.
- Mahalaga ang kagalingang pansibiko dahil tinitiyak nitong ang bawat mamamayan ay nabubuhay nang matiwasay at payapa.

Ang maagap na pagtugon sa tungkulin at maayos na pagganap sa mga tungkulin ay ilan sa mga salik sa pagkakaroon ng kagalingang pansibiko.

Higit na mapapadali ang serbisyo publiko kung ang bawat isa ay handa sa paglilingkod at pagtulong. Mas malawak ang maaabot kung nagtutulungan ang mga tao para mapahusay ang kalagayan ng lahat lalo na ang mahihirap. Ipinapakita nito ang pinakamataas na antas ng pakikipagkapwa. Sa pagganap ng mga tungkulin sa lipunan, ang mga mamamayang may kamalayang pansibiko ay higit na nakatutuwang ng pamahalaan sa kanilang programa.

Karaniwang sinasakop ng kagalingang pansibiko ang mga usaping may kaugnayan sa pangangailangan ng tao tulad ng edukasyon, kalusugan, kalikasan, hanapbuhay at iba pa.

kontekstuwalisasyon ng aralin.

Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niya ay angkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstuwalisasyon ng aralin.

**HALIMBAWA NG KAGALINGANG PANSIBIKO**

- May masidhing pagnanasang makapaglingkod sa kapuwa nang taos sa puso.
- Kusang-loob na tumutulong sa mga nangangailangan
- May pagmamalasakit sa kapakanan ng nakararami
- Laging handa sa pagtulong sa mga nangangailangan nang walang inaasahang kapalit
- Pagpapanatili ng kalusugan at kalinisan
- Paglinang sa kakayahan
- Pagtitiwala sa sarili at pagiging disiplinado

Mahalaga ang pagkakaroon ng kagalingang pansibiko dahil tanda ito ng kakayahan ng isang lipunang namumuhay nang matiwasay, may pagmamalasakit sa kapwa, at nangunguna sa kaunlaran. Ang bawat isa ay gumaganap ng kanilang mga tungkulin sa kapwa at sa bansa ng walang pag-aalinlangan. Sa pamamagitan ng gawaing pansibiko, napaglilingkuran ang lahat lalo na ang mga nangangailangan sa lipunan.

**IKALAWANG ARAW**

Ang gawaing pansibiko ay may **panandalian at pangmatagalan ding epekto.**

Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niya ay angkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstuwalisasyon ng aralin.

**GAWAING PANSIBIKO**

**PANANDALIANG EPEKTO**

1. Mga gawaing nagbibigay ng kagyat na lunas o solusyon sa problema
2. Pagbibigay ng *relief goods* sa mga nasalanta ng bagyo at iba pang kalamidad.
3. Pagsagip ng buhay kapag may aksidente,
4. Pagbibigay ng agarang lunas sa mga nakararanas ng gutom at sakit.

**PANGMATAGALANG EPEKTO**

1. Pagtuturo ng iba't ibang uri ng isports sa mga kabataan
2. mga program at proyekto sa literasi
3. Pagbibigay ng pasilidad o kagamitan
4. Pagbibigay ng kabuhayan
5. Mga proyektong may kinalaman sa pampalakasan gaya ng pagbuo ng mga liga.

Maaaring malawak ang sakop at pangmatagalan ang gawaing pansibiko dahil sa epekto na mayroon ito sa isang tao o pamayanan. Natatamasa ang epekto ng panghabang buhay dahil nabibigyang-solusyon ang mga suliraning panlipunan tulad ng kamangmangan at kahirapan.

May mga gawaing pansibiko na maaaring gampanan bilang grupo o bilang kasapi ng isang organisasyon. Ilang halimbawa ay sa samahan ng mga kabataan para sa kapakanan ng mga hayop at kalikasan at samahan para sa kapakanan ng mga katutubong Pilipino. Maaari namang malawak ang sakop at pangmatagalan ang gawaing pansibiko na sinasalihan lalo na ng nakatatanda.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 4. Bigyan-Kahulugan (#Bigyan ng Sariling Kahulugan)**

Sa bahaging ito ng gawain, maaaring magbigay ng *clues* o pantulong na mga pangungusap para madali itong iproseso ng mga mag-aaral.

Batay sa pagkaunawa, ang mga mag-aaral ay magbibigay ng sariling kahulugan ng kagalingang pansibiko. Kukumpletuhin ang pangungusap sa ibaba. Isusulat ito sa sagutang papel.

Ang kagalingang pansibiko ay …

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________.

**Gawain 5. Epektong Dulot (#Alamin Mo)**
Ang mga mag-aaral ay tutukuyin kung ang isinasaad sa pangungusap ay may pangmatagalang epekto o panandaliang epekto. Iguguhit ang puso (♥) kung ito ay pangmatagalan at iguhit naman ang bituin ( ★ ) kung panandaliang epekto lamang.

1. Pagbibigay ng *relief goods* sa mga nasalanta ng bagyo at iba pang kalamidad.
2. Pagtuturo ng pagbabasa at pagbilang sa mga kabataan.
3. Pagtuturo ng mga iba't ibang uri ng isports sa mga kabataan.
4. Pagbibigay ng tulong sa mga nanlilimos.
5. Pagsagip nvg buhay kapag may aksidente.

**IKATLONG ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain 6. Ugnay-Unawa (#Ating Ilapat at Iugnay)**
Sa bahaging ito, itatala ng mga mag-aaral ang kanilang mga pananagutan sa pamilya, paaralan, at komunidad na nagpapakita ng kagalingang pansibiko. Gawing gabay ang mga halimbawas sa ibaba.

| | **Pamilya** | **Paaralan** | **Komunidad** |
|---|---|---|---|
| **Hal.** | *Pagtulong sa mga gawaing bahay.* | *Paggalang sa mga guro* | *Pagtapon ng basura sa tamang tapunan.* |
| 1. | | | |
| 2. | | | |
| 3. | | | |

**Mga Tamang Sagot:**
1. ★
2. ♥
3. ♥
4. ★
5. ♥

Walang mali at tamang kasagutan para sa gawain na ito, nasa desisyon ng guro kung paaano niya mamarkahan ang sagot ng mag-aaral. Maaaring maging iba't iba ang paraan ng pagsagot ng mga mag-aaral.

Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang guro ay may kalayaang

**Gawain 7: KABUTIHANG DULOT (#Ilista mo!)**

Batay sa mga natutuhan ng mga mag-aaral tungkol sa kagalingang pansibiko, maging sa mga gawaing may panandalian at pangmatagalang epekto sa mga mamamayan, sila (ang mga mag-aaral) ay maglilista ng mga nagagawa o naisasakatuparan ng pamilya, paaralan, at komunidad sa kalipunan *(community)* na nabibilang sa may pangmatagalang epekto.

| | **Pamilya** | **Paaralan** | **Komunidad** |
|---|---|---|---|
| **Hal.** | *Itinuturo sa mga anak ang pagsunod sa batas.* | *Hinuhubog ang mga mag-aaral na maging mabuting Pilipino.* | *Nagbibigay ng mga programa para sa kalinisan.* |
| **1.** | | | |
| **2.** | | | |
| **3.** | | | |

**Gawain 8: TUGON (#Waste Segregation)**

Isa sa mga halimbawa ng kagalingang pnasibiko ay ang pananatili ng kalusugan at kalinisan. Bilang tugon, ikaw ay gagawa ng segregation of waste sa inyong tahanan. Lagyan ito ng palatandaan o karatula na nabubulok, hindi nabubulok, at narereskilo. Kuhanan ito ng larawan at ipakita sa iyong guro.

Rubrik

| Pamantayan | Mahusay (5-puntos) | May kulang (3-puntos) |
|---|---|---|
| Trash bin | Ang basurahan na ipinakita ay tatlo. | Ang basurahan na ipinakita ay dalawa o isa lamang. |
| Label | Malaki ang font at maganda ang pagkakasulat o pagkakalagay. | Hindi mabasa ang nakasulat. |
| Punctuality | Naipasa ang larawan sa itinakdang araw. | Lumagpas sa itinakdang araw ng pasahan. |

magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niya ay angkop sa mga mag-aaral batay sa *lokalisasyon* at *kontekstuwalisasyon* ng aralin.

| D. Paglalahat | IKAAPAT NA ARAW<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto** | Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa o magbawas ng mga impormasyon na makakatulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang buod ng aralin. Maaari ding gumamit ng iba pang paraan sa paglalahat ng aralin. |
|---|---|---|

| KAGALINGANG PANSIBIKO | | | |
|---|---|---|---|
| KAHULUGAN | HALIMBAWA NG KAGALINGANG PANSIBIKO | PANG MABILISANG EPEKTO | PANG MATAGALANG EPEKTO |
| Ang kagalingang pansibiko ay isang sitwasyon kung saan taglay ng mga mamamayan ang kamalayang may pananagutan sila sa kanilang kapuwa. | 1. May masidhing pagnanasang makapaglingkod sa kapuwa nang taos sa puso.<br><br>2. Kusang-loob na tumutulong sa mga nangangailangan.<br><br>3. May pagmamalasakit sa kapakanan ng nakararami.<br><br>4. Laging handa sa pagtulong sa mga nangangailangan nang walang inaasahang kapalit<br><br>5. Pagpapanatili ng kalusugan at kalinisan.<br><br>6. Paglinang sa kakayahan<br><br>7. Pagtitiwala sa sarili at pagiging disiplinado | 1. Mga gawaing nagbibigay ng kagyat na lunas o solusyon sa problema.<br><br>2. Pagbibigya ng relief goods sa mga nasalanta ng bagyo at iba pang kalamidad.<br><br>3. Pagsagip ng buhay kapag may aksidente,<br><br>4. Pagbibigay ng agarang lunas sa mganakararanas ng gutom at sakit. | 1. Pagtuturo ng iba't ibang uri ng isports sa mga kabataan<br>2. mga program at proyekto sa literasi<br>3. Pagbibigay ng pasilidad o kagamitan<br>4. Pagbibigay ng kabuhayan<br>5. Mga proyektong may kinalaman sa pampalakasan gaya ng pagbuo ng mga liga. |

| | | |
|---|---|---|
| | <table><tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table> **2. Pagninilay sa Pagkatuto** **Pamprosesong tanong:** Bilang isang mag-aaral, paano mo napapahalagahan ang kagalingang pansibiko na ipinamamalas sa loob ng paaralan at sa komunidad na iyong kinabibilangan. | Walang mali at tamang kasagutan para sa gawain na ito, nasa desisyon ng guro kung paaano niya mamarkahan ang sagot ng mag-aaral. Maaaring maging iba't iba ang paraan ng pagsagot ng mga mag-aaral. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit** Susuriin ng mga mag-aaral ang mga sumusunod na pangungusap tungkol sa pagbibigay-halaga sa mga kagalingang pansibiko. Isulat ang **T** kung tama ang isinasaad sa pangungusap at isulat ang **M** kung di-wasto. _____1. Pinaghiwa-hiwalay mo ang mga nabubulok at di-nabubulok na basura. _____2. Ikaw ay nag-organisa ng isang liga ng basketbol sa barangay. | Ang guro ay may kalayaan na baguhin ang mga gawain na naaayon sa lebel ng pang-unawa at kasanayang kailangang makamit ng mga mag-aaral *(maaaring performance or product-based output, written, oral examination at iba pa.)* Susi sa pagwawasto: 1. T |

_____3. Nagtatapon ikaw ng basura sa kalye.

_____4. Ikaw ay nakikilahok sa clean and drive program ng inyong barangay.

_____5. Binalik mo ang sobrang sukli sa tindahan.

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

Ang mga mag-aaral ay lalagyan ng bituin ( ☆ ) kung ang isinasaad sa pangungusap ay naisagawa na nila.

| SITWASYON | KASAGUTAN |
|---|---|
| 1. Nagsasauli ng sobrang sukli sa tindahan. | |
| 2. Tumutulong sa matandang tumatawid sa kalsada. | |
| 3. Nakapagbibigay ng mga maayos at malinis na damit at gamit sa mga nasunugan. | |
| 4. Nakikibahagi sa paglilinis at pagpapaganda ng kapaligiran. | |
| 5. Nagbibigay ng tulong sa mga pulubi sa kalsada. | |

2. T
3. M
4. T
5. T

Walang mali at tamang kasagutan para sa gawain na ito, nasa desisyon ng guro kung paaano niya mamarkahan ang sagot ng mag-aaral. Maaaring maging iba't iba ang paraan ng pagsagot ng mga mag-aaral.

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>